# Lumabas ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, isang umaga habang nakasuot siya ng isang damit na may mga larawang sintadera, na yari sa buhok na itim.

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Lumabas ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, isang umaga habang nakasuot siya ng isang damit na may mga larawang sintadera, na yari sa buhok na itim."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Inilalarawan ni `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya, ang ilan sa mga kalagayan ng Propeta, sumakanya ang pagpapala at ang pangangalaga, sa pananamit niya. Kabilang doon na siya ay lumabas sa oras ng unang bahagi ng araw papunta sa mga Kasamahan habang nakasuot siya ng damit na may larawan ng mga sintadera ng mga kamelyo, na yari sa itim na balahibo; o ito ay damit na may mga guhit na gaya ng sa sintadera.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4293